


Isang Patnubay para sa mga Magulang ng mga Mag-aaral na may Kapansanan

---

# Pag-unawa sa Pamamaraan ng Pagtasa, Karapatan, at Pang-isahang Programa sa Edukasyon ng Maryland



Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland  
Dibisyon para sa Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa  
Maagang Pamamagitan

Binago 12/2008

## Talaan ng mga Nilalaman

<b>Paunang Salita</b>	<b>3</b>
Serbisyong Suporta sa Pamilya	5
Mga Karagdagang Impormasyon na Makakatulong	6
<b>Pagkakakilanlan sa mga Batang may Kapansanan</b>	<b>7</b>
Paunang Pabatid	7
Pag-alam sa Pangangailangan ng Pagsusuri	8
Ang Pagsusuri	8
Ang Pagtasa	9
Unang Pagtasa	10
Takdang Panahon sa Pagbuo ng Unang Pagtasa	10
Pagbabagong Kalagayan mula sa Programang Pang-sanggol at Bata	11
Panibagong Pagtasa	11
Pagtatapos ng mga Serbisyo	12
<b>Ang Paraan ng Pang-isahang Programang Edukasyon (IEP)</b>	<b>12</b>
Mga Pagpupulong ng Pangkat ng IEP	12
Pagsali ng Magulang sa mga Pulong	13
Ang Pangkat ng IEP	14
Ang Pagdalo ng Pangkat ng IEP	15
Laman ng IEP	15
Mga Serbisyo sa Pagbabagong Kalagayan	17
Kabuuang Gawain	18
Pagbibigay Pahintulot upang Maumpisahan ang mga Serbisyo para sa Espesyal na Edukasyon	18
Pagpapawalang Bisa sa Pahintulot para sa Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon	18
Pag-buo, Pagrepaso, at Pagbabago sa IEP	19
Mga Pagbabago	20
Paglalagay sa Lugar	21
Pagpapasakatuparan ng IEP	21
Mga Batang Lumipat sa Ibang Pampublikong Ahensiya	21
Paglipat na Galing sa Labas ng Estado	22
Kinakailangan sa Pagtatapos	22
Serbisyong Pagpapahaba sa Taong Pasukan (ESY)	23

## Paunang Salita

Ang patnubay na ito para sa pag-intindi sa pagsusuri, karapatan, at pamamaraan ng IEP sa Maryland ay binuo ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland upang matulungan kayong intindihin ang mga karapatan ng inyong mga anak, ang inyong mga karapatan at mga katungkulan, at ang mga katungkulan ng paaralan upang magampanan ang mga espesyal na pangangailangan ng inyong anak. Ang patnubay na ito ay may kasamang pagsasalarawan ng Child Find, pagsusuri, pag-alam ng karapatan, at mga pamamaraan ng Pang-isahang Programang Edukasyon (Individualized Education Program – IEP).

Ang mga pananaliksik ay nagpapakita na ang mga bata ay higit pang matagumpay sa paaralan kung ang kanilang mga pamilya ay kabilang sa pagpapalaki at edukasyon ng kanilang mga anak. Sa isang batang may kapansanan, ang kahalagahan ng pakikitungo ng magulang ay hindi mapapantayan. Kadalasan, ang mga magulang ang tanging pinagmumulan ng kaalaman sa karunungan ng bata at kung paano naaapektuhan ang abilidad ng batang matuto dahil sa kanyang kapansanan. Malaki ang kahalagahan ng magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Itinatadhana ng batas na ang mga magulang at mga tauhan ng paaralan na magtulungan upang maibigay sa mga bata ang angkop na serbisyo sa edukasyon. Bilang magulang ng isang batang may kapansanan, kailangan mong magtanong at humingi ng tulong kung ikaw ay nangangailangan nito.

Ang Dibisiyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan ng MSDE ay tumutustos ng tatlong bahaging grupo ng mga lokal na tagapamahala ng suporta sa pamilya at tumutulong sa mga magulang ng mga batang may kapansanan mula sa kapanganakan hanggang sa edad na 21. Sila ay tumutulong sa mga magulang upang magampanan nila ang kanilang tungkulin sa pagkuha ng espesyal na edukasyon at serbisyo para sa maagang pamamagitan sa kanilang mga anak. Ang bawat luga sa Maryland ay maroong tagapamahala sa mga serbisyong sumusuporta sa pamilya ng mga batang may kapansanan sa bawat grupong sumusunod:

- Pagkasilang hanggang 3 taong gulang – Family Support Network
- 3 hanggang 5 taong gulang – Preschool Partners
- 5 hanggang 21 taong gulang – Partners for Success

Ang mga tagapamahalang ito ay makukuha upang tumalakay ng maagang pamamagitan at serbisyo para sa espesyal na edukasyon, magtaguyod ang pagkakaroon ng mga bagong ugnayan sa mga pamilya, magbigay ng mga gamit at pamamahala sa mga silid-aklatan, magtatatag ng mga pagsasanay para sa mga magulang at sumusuportang grupo, at sumagot sa mga tanong. Umaalalay din sila sa mga magulang sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa paraan ng pamamagitan ng hindi pormal na usapan o pagbibigay ng kaalaman tungkol sa pormal na pamamaraan sa paglutas ng

hindi pagkakaunawaan na itinakda ng Individuals with Disabilities Education Improvement Act ng 2004 (IDEA).

Sa kabilang pahina ay isang talaan ng mga tagapamahala ng mga serbisyong suporta sa pamilya sa inyong lugar. Lahat ng aming tagapamahala ay umaasang makasama kayo upang matulungan ang mga batang may kapansanan.



## Serbisyong Suporta sa Pamilya

Para sa mga Pamilyang may mga Anak na may Kapansanan:

### Talaan ng mga Lokal na Tagapamahala sa Serbisyong Suporta sa Pamilya

Sakop	Family Support Network Sanggol hanggang 3	PreschoolPartners Edad 3 hanggang 5	Partners For Success Edad 3 hanggang 21
Allegany County	301-689-2407	301-689-2407	301-689-2407
Anne Arundel County	410-222-6911	410-222-3805	410-222-3805
Baltimore City	410-396-1666	410-396-8995	410-396-8995
Baltimore County	410-887-2169	410-887-5443	410-887-5443
Calvert County	410-535-7387	410-535-7387	410-535-7387
Caroline County	410-479-4204	410-479-4204	410-479-4204
Carroll County	410-876-4437	410-751-3955	410-751-3955
Cecil County	410-996-5637	410-996-5637	410-996-5637
Charles County	301-934-7456	301-934-7456	301-934-7456
Dorchester County	410-221-0837	410-221-0837	410-221-0837
Frederick County	301-600-1617	301-600-1617	240-236-8430
Garrett County	301-334-8119	301-334-8119	301-334-8935
Harford County	410-638-3823	410-638-3823	410-273-5579
Howard County	410-313-7161	410-313-7161	410-313-7161
Kent County	410-778-5708	410-778-5708	410-778-5708
Montgomery County	240-777-4809	240-777-4809	301-279-3100
Prince George's County	301-883-7428	301-883-7428	301-431-5675
Queen Anne's County	410-827-4629, ext. 149	410-827-4629	410-758-3693
Somerset County	410-651-9413	410-651-9413	410-651-9413
St. Mary's County	301-475-4393	301-475-4393	301-863-4069
Talbot County	410-820-7468	410-820-7468	410-820-7468
Washington County	301-766-8221	301-766-8221	301-766-8221
Wicomico County	410-677-5250	410-677-5250	410-677-5250
Worcester County	410-632-5234	410-632-5234	410-632-5234

### Mga Tagapamahala sa mga Serbisyong Suporta sa Pamilya sa Buong Estado

Maryland State Department of Education Family Support Services (kasama ang ukol na suporta sa mga pamilya ng militar sa Maryland at mga pamilya ng detenadong mga kabataan) 1-800-535-0182

Paaralan ng Maryland para sa Bulag 1-800-400-4519  
ext. 489

Paaralan ng Maryland para sa mga bingi 410-480-4597

Ang buong talaan ay makukuha sa Web: [www.mdecgateway.org](http://www.mdecgateway.org)

## **Mga Karagdagang Impormasyon na Makakatulong Para sa mga Pamilyang may mga Anak na may Kapansanan**

- **Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland**  
<http://marylandpublicschools.org/msde>  
Kaalaman tungkol sa pagpapasimuno ng Kagawaran ng Edukasyon sa mga pampublikong paaralan sa Maryland, kasama na rito ang mga pagsusuri at ng Maryland Voluntary State Curriculum.
- **Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland  
Dibisyon para sa Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa  
Maagang Pamamagitan**  
<http://marylandpublicschools.org/msde/divisions/earlyinterv/>  
Impormasyon sa Otismo, Pagbuo ng mga Pamilya ng IEPs sa Maryland, Porma at ayos ng IEP sa buong Estado, impormasyon tungkol sa kapasyahan sa hindi pagkakaintindihan, at marami pa.
- **Maryland Early Childhood Gateway**  
<http://www.mdecgateway.org>  
Isang linyang elektronikong (online) na nagbibigay impormasyon sa mga tagapag-alaga at mga pamilyang mayroong mga batang anak, magmula sa bagong silang hanggang lima, na may kapansanan.
- **Mga Pananggalang na Pamamaraan**  
Ang patnubay na ito ay hindi tangkang palitan ang mga dokumento sa mga pananggalang na pamaaraan, o anumang kinakailangang abiso, at ito ay hindi pampalit sa mga alituntunin sa espesyal na edukasyon ng Estado. Upang lalo kayong matulungan sa pag-intindi sa iyong karapatan, may takdang panahon sa proseso na ang paaralan ay magbibigay sa mga magulang ng isang kopya ng dokumento tungkol sa mga pananggalang na pamamaraan na may pamagat na Parental Rights – Procedural Safeguards Notice. Ang isang elektronikong kopya nito ay maaaring makuha sa:  
[www.marylandpublicschools.org/MSDE/divisions/earlyinterv/Special\\_Ed\\_Info.htm](http://www.marylandpublicschools.org/MSDE/divisions/earlyinterv/Special_Ed_Info.htm).
- **Kodigo ng mga Regulasyon sa Maryland (Code of Maryland Regulations (COMAR))**  
Ang Dibisyong ng Estado ng mga Dokumentong Pang-estado ay nagbibigay ng daan tungo sa Kodigo ng mga Regulasyon sa Maryland:  
<http://www.dsd.state.md.us/comar/>.
- **Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos (U.S. Department of Education)**  
Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos ay nagbibigay ng kaalaman tungkol sa Individuals with Disabilities Education Act <http://idea.ed.gov/>.

## **Pagkakakilanlan sa mga Batang may Kapansanan**

Ang Child Find ay isang pangkasalukuyang pamamaraan na ginagamit ng mga paaralang lokal at mga pampublikong ahensiya upang malaman kung sa mga batang may edad na tatlo hanggang 21 ay nangangailangan ng espesyal na serbisyong pang- edukasyon kung sila ay mag-aaral na may kapansanan. Ipinapatupad ng Maryland ang mga palakad at mga alituntuning ito upang matiyak na lahat ng mga batang may kapansanan na nakatira sa Estado, kasama na rito ang mga batang may kapansanang pumapasok sa mga pribadong paaralan, kahit gaano kalala ang kapansanan, at nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo ay nahanap, nakilala, at nasuri. Ang Child Find ay gumagamit ng praktikal na pamamaraan upang malaman kung sinong bata ang kasalukuyang tumatanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kasama rito ang:

- Mga batang pumapasok sa pribadong elementaryang paaralan, pribadong mga mataas na paaralan, at mga paaralang “charter” saklaw ng sistema ng lokal an paaralan;
- Mga Batang palaging lumilipat;
- Mga batang dayuhan;
- Mga batang walang bahay;
- Mga purok ng Estado; at
- Mga batang pinaghihinalaang may kapansanan kahit pa sila ay nakaka-angat sa kanilang baitang.

### **Paunang Pabatid**

Ang magulang o isang tauhan ng paaralan ay maaaring humingi ng pagsusuri para sa isang bata sa anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat sa punong-guro ng bata o sa espesyal na tagapamahala ng lokal na edukasyon. Ang sulat na ito ang magpapasimula sa itinakdang panahong tatahakin nito. Ang pinanggalingan ng pabatid ay magbibigay ng paliwanag sa mga kadahilanan kung bakit kailangan ang pagsusuri at kung anumang pagkilos ang nagawa na upang matugunan ang mga malasakit.

Kapag nalaman ng pampublikong ahensiya na kailangan ang pagsusuri, kaagad nilang hihingin ang iyong pahintulot na suriin ang iyong anak upang malaman kung ang bata ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo. Hindi maaaring gumawa ng pang-isahang pagsusuri sa iyong anak kung wala kang isinulat na pagpapahintulot. Hindi kailangan ng pampublikong ahensiya na humingi ng iyong pahintulot bago repasuhin ang kasalukuyang impormasyon o pagbibigay ng pagsusulit sa iyong anak kung ito ay ibinibigay din sa lahat ng ibang mga bata, maliban kung kailangan ang pahintulot ng lahat ng mga magulang. Kung sa paniwala ng pampublikong ahensiya na ang iyong anak ay may kapansanan na maaaring mangailangan ng probisyon para sa espesyal na edukasyon at tumanggi kayong magbigay ng

kasulatang nagbibigay ng pahintulot, maaaring pakiusapan kayo ng pampublikong ahensiya na sumali sa paraang pamamagitan o pagdinig sa angkop na pamamaraan. Susunod ang isang pampublikong ahensiya sa mga panahong itinakda ayon sa Code of Maryland Regulations (COMAR), maliban lamang kung ang magulang ng mag-aaral at ang pangkat ng IEP ay nagkasundo sa kasulatan na pahabain ang panahong itinakda.

### **Pag-alam kung Kailangan ang Pagsusuri**

Titiyakin ng pampublikong ahensiya na ang mga paraan ng pagsusuri ay ipinapatupad kung kinakailangan. Ang mga magulang naman ay kailangan makatanggap ng kasulatang pabatid ng anumang pamamaraang pagsusuri na iminumungkahi ng pampublikong ahensiya na gagawin o tumatangging gawin. Kung nalaman ng pampublikong ahensiya na hindi kailangan ang karagdagang impormasyon o hindi pinapalagay na ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan o may kakulangan sa wastong pag-unlad, kinakailangan na bigyan kayo ng pampublikong ahensiya ng kasulatang pabatid na tumatangging suriin ang iyong anak. Kung hindi ka sumasang-ayon sa kapasyahan, maaari kang umapila sa pamamagitan ng pag-sampa ng reklamo sa pagdinig ng angkop sa pamamaraan sa Tanggapan ng Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings) (OAH).

### **Ang Pagsusuri**

Ang mga pagsusuri ay mga direksiyon na pang-isahan sa bawat mag-aaral. Maaaring gumamit ang isang pampublikong ahensiya ng ibat-ibang pamamaraan at estratehiya ng pagsusuri upang makakalap ng sapat at nauugnay na kaalaman sa paggalaw, paglaki, at impormasyong pang-akademya ng bata. Ang kaalamang ito ay maaaring makatulong sa pagtiyak kung ang bata ay isang mag-aaral na may kapansanan at ang magiging laman ng IEP ng bata. Ang impormasyon sa akademya ay tumutukoy sa pag-unlad ng bata sa pangkalahatang kurikulum, o kaya sa mga batang hindi pa nag-aaral, ang pagsali sa kaugnay na gawain. Kasama sa mga pagsusuri ang imprentang pagsusulit, pagmamasid, kaalamang galing sa magulang, kabilang na dito ang iba pang mga impormasyon na:

- Pinili at ibinigay sa pamamaraang walang kaugnayan ang lahi o diskriminasyon sa kultura
- Ibinigay sa katutubong wika ng bata o iba pang pamamaraan ng pakikipag-usap sa pormang maaaring makapagbigay ng tiyak na impormasyon tungkol sa kaalaman ng bata na maaari nitong gawin sa pag-aaral, pag-unlad, at paggalaw, maliban kung ito ay hindi maaaring gawin;
- Ginamit sa layunin na ang pagsusuri o panukat ay balido at mapagkakatiwalaan;
- Pinangangasiwaan ng mga nagsanay at may kaalamang tauhan ayon sa direksiyong ibinigay sa gumawa ng pagsusulit;
- Pasadya upang makilala ang natatanging bahagi na pangangailangan sa edukasyon, hindi lamang sa pagbibigay ng isang pangkalahatang antas



ng katalinuhan (intelligence quotient); at

- Pinili upang maipakita ang tamang kakayahan at galing ng bata, at hindi ang kapinsalaan ng pakiramdam, manwal, o husay sa pananalita, maliban kung ang mga kahusayang ito ang mga bagay din na dapat sukatin at subukan.

Ang bawat ulat sa ginawa sa pagsusuri ay may kasamang:

- Paglalarawan ng kakayahang paggawa ng bata sa bawat bahagi ng pinaghihinalaang kapansanan;
- Nauukol na impormasyon sa paggalaw, pagbibigay-malay, pagsulong, asal, at pangkatawang impormasyon;
- Implikasyon sa pagtuturo sa bata upang makasali sa pangkalahatang kurikulum o, para sa mga batang hindi pa nag-aaral, ang pagsali sa nararapat na gawain; at
- Sa anumang pagsusuri na wala sa pangangasiwa ng kondisyon ng pamantayan, isang pagsasalarawan kung paano ito na-iba sa direksiyon ng pamantayang administratibo.

### **Ang Pagtasa**

Ang kahulugan ng pagtasa ayon sa regulasyon ng pederal at Estado ay ang pagtukoy sa direksiyon na ginagamit dito at ang pag-alam ng katangiang angkop, upang malaman kung ang isang bata ay may kapansanan at kung ano ang pangangailangan ng bata sa edukasyon. Ang buo at isahang pagtasa ay isinasagawa **bago** ang pagbibigay ng unang probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo sa isang mag-aaral na may kapansanan sa ilalim ng IDEA. Ang pagtasa ay nangyayari sa pulong ng pangkat ng IEP, at kung nararapat, ang iba pang may kayang propesyonal na magreperaso ng:

- Kasalukuyang impormasyong at resulta ng pagsusuri;
- Impormasyon at pagtatasa na ibinahagi ng mga magulang;
- Kasalukuyang pagtasang ginawa sa silid-aralan, kasama na rito ang pagtasa at obserbasyon na ginawa sa Estado at distrito, at
- Pagmamasid ng mga guro at iba pang mga tauhan sa kaugnay na serbisyo upang malaman:
  - Kung ang bata ay may kapansanan;
  - Ang pangangailangan ng bata sa edukasyon;
  - Kasalukuyang antas ng narating sa akademya at pangangailanan sa pagsulong;
  - Ang espesyal na edukasyon ng bata at pangangailangan sa kaugnay na serbisyo maging kadugtong man o hindi sa kategorya ng kapansanan kung saan siya inilagay; at
  - Anumang karagdagan o pagbabagong kinakailangan para sa bata upang makamtan niya ang layunin ng IEP at upang makasali, kung kinakailangan sa pangkalahatang kurikulum kung ito ay nararapat.

## **Unang Pagtasa**

Ang unang pagtasa ay kailangang malawak upang makasiguro na ang bata ay sinuri sa lahat ng bagay na kaugnay sa pinaghihinalaang kapansanan, kasama na rito, kung kinakailangan ang:

- Pang-akademiyang paggawa
- Pakikipag-usap
- Kabuuang talino
- Kalusugan, kasama ang pagdinig at paningin
- Kakayahan sa paggalaw
- Pakikipagkapwa, damdamin, at estado ng pakikitungo

Walang isang pamamaraan ang ginagamit sa pagdetermina kung ang bata ay isang mag-aaral na mayroong kapansanan at pagdetermina ng kaukulang programang pang-edukasyon para sa bata.

Ang bata ay hindi itinuturing na mag-aaral na may kapansanan na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo kung ang mga ginamit na kadahilanan ay:

- Kakulangan ng tamang instruksiyon sa pagbabasa, kasama na rito ang mga pangunahing bagay na kailangang tagubilin sa pagbabasa katulad ng:
  - kamalayan sa pagdinig at pagbigkas ng salita (phonemic awareness)
  - ponetika (phonics)
  - pag-unlad sa bokabularyo
  - kahusayan sa pagbabasa, kasama rito ang kahusayan sa pagbigkas ng malakas
  - straheya sa pag-intindi ng binabasa
- Ang kakulangan ng pagtuturo sa matematika
- Ang limitadong kakayahan ng bata sa Ingles, maliban lamang kung ang bata ay nabibilang sa batang may kapansanan.

## **Takdang Panahon sa Pag-buo ng Unang Pagtasa**

Maaring umpisahan ng magulang ng bata o ang pampublikong ahensiya ang paghingi ng unang pagtasa upang malaman kung ang bata ay batang may kapansanan. Ang unang pagtasa ay kailangang mabuo sa hindi lalampas sa 60 araw mula sa pagkatanggap ng sulat sa magulang na nagbibigay ito ng pahintulot. Ang 60 araw na takdang panahon ay hindi para sa lokal na ahensiyang pang-edukasyon kung:

- Ang bata ay nakatala sa isang paaralang tinutustusan ng ahensiyang pampubliko matapos magbigay ang magulang ng pahintulot para sa unang pagtasa sa ibang pampublikong ahensiya at bago nalaman ng unang pampublikong ahensiya kung ang bata ay may kapansanan. Ang eksepsiyon na ito ay naibibigay lamang kung ang sumunod na pampublikong ahensiya ay gumagawa ng sapat na pagbuti upang masiguro ang maagap na pagtatapos ng pagtasa, at nagkakasundo ang magulang at ang pampublikong ahensiya sa takdang panahon upang tapusin ang pagtasa.

- Nakailang ulit na nabigo o tumanggi ang magulang na dalhin ang bata para sa pagtasa; o
- Nagkasundo sa kasulatan ang pampublikong ahensiya at ang magulang na bigyang palugit ang 60 araw na takdang panahon para sa pagtasa.

Kapag sa unang pagtasa ay nalaman ng pangkat ng IEP na ang bata ay mayroon kapansanan at nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo, kailangang magpulong ang pangkat ng IEP sa loob ng 30 araw mula sa unang pagtasa upang gawin ang IEP ng bata. Magbibigay ang pampublikong ahensiya ng kopya sa magulang ng kapasyahan sa pagtasa ng IEP.

### **Pagbabagong Kalagayan mula sa Programang Pang- Sanggol at Bata**

Kailangang pulungin ng isang pampublikong ahensiya ang pangkat ng IEP upang malaman kung ang batang nanggaling sa Programang Pang-sanggol at Bata ay may kapansanang nangangailangan ng probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kapag ang bata ay natustusan sa Bahagi C, ang imbitasyon para sa unang pulong ng IEP ay, sa pakiusap ng magulang, ipapadala sa tagapamahala ng Parte C o sinumang kinatawan ng sistemang Parte C upang tumulong sa maayos na serbisyo sa pagbabagong kalagayan. Kapag napag-alaman ng pangkat ng IEP na ang bata ay isang mag-aaral na may kapansanan o may kabagalan ang pag-unlad, ang pangkat ng IEP ay bubuo ng isang IEP para sa bata. Kailangang magkaroon ng bisa ang IEP ng bata sa pagsapit ng kanyang pangatlong kaarawan.

### **Panibagong Pagtasa**

Kailangang tiyakin ng isang pampublikong ahensiya na ang panibagong pagtasa ng bawat isang bata na mayroong kapansanan ay natapos na kung:

- Nalaman na ng pampublikong ahensiya na ang pangangailangang sa edukasyon o kaugnay na serbisyo, kasama na rito ang pagbuti sa naabot sa akademya at galaw ng bata ay nangangailangan ng panibagong pagtasa, o
- Kung ang panibagong pagtasa ay hiningi ng magulang ng bata o guro

Ang panibagong pagtasa ay hindi dapat dadalas sa isang taon, maliban lamang kung ito ay napagkasunduan ng magulang at ng pampublikong ahensiya; at kailangang mangyari ito ng minsan sa tatlong taon, maliban kung ang magulang at ng pampublikong ahensiya ay nagkasundo na ang panibagong pagtasa ay hindi kailangan. Hanggat maari, kailangang himukin ng pampublikong ahensiya na pag-isahin ang pulong para sa panibagong pagtasa at iba pang pulong ng pangkat IEP para sa bata. Rerepasuhin ng pangkat ng IEP ang kasalukuyang impormasyon sa pagtasa, kasama na dito ang impormasyong galing sa magulang, pagsusuring ginawa sa paaralan, pagsusuring ginawa ng Estado at buong distrito, at mga obserbasyon upang makapagpasya kung may iba pang karagdagang impormasyon ang kailangan upang malaman:

- Kung saan patuloy na nagkakaroon ng kapansanan ang bata na nangangailangan ng probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo;
- Ang kasalukuyang antas na narating ng bata sa akademya at kaugnay na pangangailangan sa pag-angat; at
- Kung saan mayroong karagdagan o pagbabagong kailangan para sa bata upang magampanan ang sukat na layunin sa bawat taon sa IEP ng bata, at sumali, kung kailangan, sa pangkalahatang kurikulum.

Kung natiyak ng pangkat ng IEP na kailangan pa ang karagdagang impormasyon, hindi gagawa ng pagsusuri hanggang nabigyan ng pabatid ang magulang at nakahingi ng pahintulot. Rerepasuhin ng pangkat ng IEP ang resulta ng pagsusuri sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng pagrekomenda ng pangkat ng IEP sa pagsusuri. Kapag napag-alaman ng pangkat ng IEP na wala nang karagdagang impormasyon ang kailangan, sasabihan ng pampublikong ahensiya ang magulang sa kaalamang ito at ang paliwanag kung paano nahango ang kaalamang ito. Hindi inaatasan ang pampublikong ahensiya upang gumawa ng pagsusuri, para sa muling pagsusuri, maliban kung ito ay hininging gawin ng magulang ng bata.

#### **Pagtatapos ng Serbisyo:**

Kailangan muling suriin ng pampublikong ahensiya ang mag-aaral na may kapansanan ayon sa regulasyon ng pederal at Estado bago pagpasyahan na ang bata ay wala ng kapansanan. Ang muling pagtatasa ito ay hindi kailangan bago matapos ang karapatan ng bata sa ilalim ng Parte B ng IDEA dahil sa pagtatapos sa paaralan at may regular na diploma sa mataas na paaralan, o lumampas na sa edad ng pagkakaroon ng karapatan para sa walang bayad at angkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa ilalim ng batas Estado.

## **Ang Paraan ng Pang-isahang Programang Edukasyon (IEP)**

#### **Mga Pagpupulong ng Pangkat ng IEP:**

Gumagamit ang pampublikong ahensiya ng pangkat na nagpapasya kung ang isang bata ay isang mag-aaral na may kapansanan ayon sa paliwanag ng IDEA, at ng kailangang edukasyon ng bata. Bawat pampublikong ahensiya ay may katungkulan sa pagpapasimuno at pagpupulong para sa pagbuo, pagrepaso, at pagbabago ng IEP ng mag-aaral na may kapansanan, at pag-alam kung saang edukasyon malalagay ang bata. Ang bawat magulang ng mga mag-aaral na may kapansanan ay kailangang mabigyan ng pahayag at mabigyan ng pagkakataon na sumali sa pulong ng pangkat ng IEP na ginawa para sa bata.

Ang mga magulang ay kasali sa pangkat ng IEP na gagawa ng kapasyahan kung anong edukasyon ang ibibigay sa bata. Kailangang gumawa ang

pampublikong ahensiya ng makatuwirang pagkilos upang masiguro na naiintidihan ng mga magulang, at sila ay nakakasama sa alinmang diskusyon ng grupo na may kinalaman sa pagbibigay sa bata ng edukasyon, kasama na rito ang pagbibigay ng tagapagsalin para sa magulang na may kapansanan sa pagdinig, o kung ang kanilang katutubong salita ay hindi Ingles.

Kapag napag-alaman na ng pangkat ng IEP na nangangailangan ang bata ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, kailangang magpulong ang pangkat ng IEP sa loob ng 30 araw upang buuin ang IEP ng bata. Bilang kasama sa pangkat ng IEP, may karapatan ang mga magulang na repasuhin ang IEP ng kanilang mga anak sa anumang oras.

### **Pagsali ng Magulang sa mga Pulong:**

Ang bawat pampublikong ahensiya ay kailangang gumawa ng hakbang upang masiguro na isa o parehong magulang ng mag-aaral na may kapansanan ay nakakadalo sa bawat pulong ng pangkat ng IEP, o nabibigyan sila ng pagkakataon na sumali. Kailangang bigyan ng maagang pabatid ang mga magulang para sa mga pagpupulong upang masiguro na mayroon silang pagkakataong makadalo, at ang mga pagpupulong ay kailangan ilagay sa takdang oras at lugar na pinagkasunduan ng bawat panig. Ang pabatid ay kailangang naglalaman ng pakay, oras, at lugar ng pulong, at kung sino ang mga dadalo. Kailangan banggitiin sa pabatid na sa diskresiyon ng mga magulang o ng pampublikong ahensiya, ang ibang mga tao na may alam o isang dalubhasa tungkol sa bata, kasama na dito ang mga may tauhang may kaugnayan sa serbisyo, ay maaaring sumali sa pangkat ng IEP. Ang pag-alam sa kaalaman o espesyal na pagkadalubhasa ng isang tao ay gagawin ng partido (mga magulang o pampublikong ahensiya) na nag-imbata sa tao na sumali sa pangkat ng IEP.

Para sa mag-aaral na may kapansanan na nagsimula sa edad 14, o mas bata pa, ang pabatid ay magbibigay alam din na ang isang layunin ng pulong ay ang pagbuo ng kasulatang tumutukoy sa pansamantalang serbisyo sa mag-aaral at ang ahensiya ay aanyaya sa mag-aaral at kikalala ng iba pang ahensiya na aanyayahan na magpadala ng kinatawan. Bago magbigay ng paanyaya ang pampublikong ahensiya sa isang kinatawan ng ibang ahensiya, kailangan ang pahintulot ng magulang.

Alinmang pabatid ng pangkat ng IEP na pagpupulong sa pagbuo, pagrepaso, at pagbabago sa IEP ng bata, kasama na rito ang pag-alam kung saan edukasyon ilalagay ang bata, ay kailangang ibigay sa hindi kukulangin ng 10 araw ng kalendaryo bago idaos ang pulong maliban kung isang panandaliang pulong ay tinawag upang:

- Pag-usapan ang paksa tungkol sa disiplina;
- Alamin kung saan ilalagay ang bata, kung ang bata ay isang mag-aaral na mayroon kapansanan at ito ay kasalukuyang hindi tumatanggap ng serbisyong pang-edukasyon; o

- Matugunan ang iba pang hindi makapaghintay na pangangailangan ng bata upang matiyak ang probisyon ng FAPE

Kung parehong magulang ay hindi makakadalo, kailangang gumamit ang pampublikong ahensiya ng ibang pamamaraan upang matiyak ang pagsali ng magulang, kasama na ang personal o tawag sa teleponong pangkomperensiya. Ang pulong ay maaring gawin kahit wala ang magulang kapag ang pampublikong ahensiya ay hindi makumbinsi ang mga magulang na dumalo. Maaaring magpasya ang pangkat ng IEP sa paglalagay na hindi kasangkot ang magulang kung ang pampublikong ahensiya ay hindi makuha ang partisipasyon ng magulang sa pagpapasya. Sa kasong ito, kailangan na ang pampublikong ahensiya ay magkaroon ng detalyadong talaan sa mga tawag sa teleponong ginawa o pagsisikap na tawagan at resulta ng mga tawag na iyon, mga kopya ng mga sulat na ipinadala sa mga magulang at mga kasagutang natanggap, at detalyadong talaan ng pagbisitang ginawa sa tahanan ng mga magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang ito.

Hindi kasama sa pulong ang impormal o hindi itinakdang pakikipag-usap na kasangkot ang tauhan ng pampublikong ahensiya at mga usapan tungkol sa mga paksang katulad ng pamamaraang ng pagtuturo, planong leksiyon, o koordinasyon sa probiso ng serbisyo kung ang mga paksang ito ay hindi tinalakay sa IEP ng bata. Hindi rin kasama sa pulong ang mga panimulang gawaing ginawa ng mga tauhan ng pampublikong ahensiya upang bumuo ng panukala o kasagutan sa panukala ng magulang na tatalakayin sa pulong na darating.

### **Ang Pangkat ng IEP:**

Ang pangkat ng IEP ay kinabibilangan ng:

- Magulang ng bata, tagapag-alaga o tumatayong magulang;
- Hindi kukulangin sa isang guro ng bata sa pangkalahatang edukasyon, kapag ang bata ay o kasama sa pangkalahatang edukasyon. Kung ang bata ay walang guro sa pangkalahatang edukasyon o mas bata sa edad ng nag-aaral, ang isang tao na takdang magturo sa bata sa ganoong edad;
- Mayroong kahit isang guro ng bata sa espesyal na edukasyon, at kung nararapat, isang tagapabigay serbisyo sa bata;
- Isang kinatawan ng pampublikong ahensiya na kalipikadong magbigay o mamahala sa probisyon ng espesyal na ginawang pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral na may kapansanan at kaalaman nito sa pangkalahatang kurikulum at mga impormasyong makukuha sa pampublikong ahensiya.
- Isang taong makakapagbigay liwanag sa implikasyon ng pagsusuri sa pagtuturo. Ang taong ito ay maaaring isa sa kasapi ng pangkat ng

pampublikong ahensiyang kasama sa talaan sa itaas;

- Kung minamarapat ng magulang o ng pampublikong ahensiya, ibang mga tao na may dunong o espesyal na kaalaman tungkol sa bata.
- Kung nararapat, sa kapahintulutan ng mga magulang, kailangang anyayahan ng pampublikong ahensiya ang isang kinatawang ng sinumang kasaling pampublikong ahensiya na maaaring may pananangutan sa pagbibigay o pagbabayad ng pansamantalang serbisyo; at
- Kung nararapat, ang bata. Maaaring anyayahan ang bata, at ito ay inaasahang dumalo at sumali sa pulong ng pangkat ng IEP kung ang layunin ng pulong ay magturing ng pumapangalawang layunin para sa bata at ang pansamantalang serbisyong kinakailangan upang matulungan ang batang makamit ang mga layuning ito.

### **Pagdalo ng Pangkat ng IEP:**

Ang isang kasapi sa pangkat ng IEP ay hindi kailangang dumalo sa lahat o bahagi ng pulong ng IEP kung ang magulang ng batang may kapansanan at ng pampublikong ahensiya ay nagkasundo, sa kasulatan, na ang pagdalo ng kasapi ay hindi kailangan dahil ang sakop sa kurikulum o kaugnay na serbisyo ay hindi binabago o pag-uusapan sa pulong.

Ang isang kasama sa pangkat ng IEP ay maaaring hindi dumalo sa kabuuan ng pulong ng IEP o bahagi nito kung ang pulong ay kinakasangkutan ng pagbabago sa o pagtalakay sa sakop nitong kurikulum o kauganay na serbisyo, kung -

- Ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay pumapayag sa hindi pagdalo, sa kasulatan, at
- Ang kasama na pinapayagang hindi dumalo ay magbibigay ng kanyang sinulat na bahagi para sa pagbuo ng IEP sa magulang at sa pangkat ng IEP bago dumating ang pulong.

### **Laman ng IEP**

Ang IEP ay binubuo ng pangkat ng IEP at kasama ang mga sumusunod:

- Isang salaysay ng bata tungkol sa kanyang kasalukuyang antas na narating sa akademya at galaw sa pag-unlad, kasama dito kung -
  - Paano nakakaapekto ang kapansanan ng bata sa kanyang partisipasyon at pag-buti sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon (halimbawa, katulad ng kurikulum para sa mga batang walang kapansanan); o
  - Para sa mga batang hindi pa nag-aaral, kung karapat-dapat, kung paano nakaapekto ang kapansanan sa kanyang pagsali sa kailangan nitong gawin;

- Isang salaysay na nagbibigay ng sukat na taunang layunin, kasama rito ang akademya at paggalaw na mga layunin na ginawa upang -
  - Masapatan ang pangangailangan ng bata na naging dahilan ng kanyang kapansanan at upang magawa ng bata na mabilang at tumuloy sa pangkalahatang kurikulum;
  - Masapatan ang iba pang pangangailangan ng bata sa edukasyon na resulta ng kanyang kapansanan.
- Isang paglalarawan ng mga dapat marating o mga layuning hindi pangmatagalan.
- Isang paglalarawan ang ibibigay kung paano tatasahin ang pag-unlad ng bata sa pagtugon sa sukat na taunang layunin, at kung kailan maibibigay ang panapanahong pag-uulat sa pag-unlad ng bata sa pagtugon ng taunang layunin (katulad ng paggamit ng tatlong buwanan o panapanahong pag-uulat, sumasabay sa kasalukuyang pagbibigay ng ulat (report card));
- Isang paglalarawan sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo at kaagap na tulong at serbisyo. Ito ay base sa pagrepaso sa pananaliksik na ibibigay sa bata, o para sa ngalan ng bata, at isang salaysay sa pababagong ginawa sa programa o mga suporta sa tauhan ng paaralan na ibibigay upang magawa ng bata ang:
  - Ang angkop na pag-unlad sa pagtamo ng taunang mga layunin;
  - Makasali at umunlad sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon at makasali sa iba pang gawain na hindi pang-akademya (extracurricular); at
  - Matuto at makihalubilo sa ibang mga batan na may mga kapansanan man o wala;
- Mabigyan ng pagpapaliwanag kung saan ang hangganan, kung saan hindi makakasali ang bata sa ibang batang may kapansanan sa regular na pang-edukasyong ginagalawan at sa iba pang gawain;
- Magkaroon ng pagsasalaysay ng sinuman tao tungkol sa nararapat na tuluyan na kailangan upang masukat ang narating sa akademya at pagganap ng bata sa pagsusuring ginawa sa Estado at buong distrito; at
- Kung napag-alaman ng pangkat ng IEP na kailangan ng bata ang kumuha ng alternatibong pagsusuri sa halip na kumuha sa natatanging pagsusuring ibinigay ng Estado o kabuuang distrito para sa narating ng mag-aaral, isang pagsasalaysay kung bakit
  - Ang bata ay hindi makasali sa regular na pagsusuri;
  - Ang natatanging alternatibong pagsusuri na napili ay angkop para sa bata;



- Ang inaasahang petsa na pagsisimula sa mga serbisyo at pagbabago, at ang inaasahang kadalasan, lugar, at katagalan ng serbisyo ng pagbabagong ito.

Kailangang magbigay ang pampublikong ahensiya ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa isang bata ayon sa IEP ng bata at gumawa ng ganap na pagsisikap sa pagtulong sa bata na marating ang mga layunin at o mga markang nakatala sa IEP. Ang isang pampublikong ahensiya, guro, o ibang tao ay hindi maaaring managot kung ang bata ay hindi narating ang balak na pag-unlad sa taunang layunin at mga marka o obhektibo.

Hindi nangangailangan and IDEA 2004 ng karagdagang impormasyon upang isama sa IEP ng bata na labas sa malinaw na hinihingi ng batas ng IDEA o ang pagsasama ng impormasyon ng pangkat ng IEP sa ilalim ng isang bahagi ng IEP ng bata na laman na ng ibang bahagi sa IEP ng bata.

Kung kailangan ng bata ang pagpapahaba ng serbisyo para sa taong pasukan, kailangan ng IEP na isama ang partikular na espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo na ibibigay sa labas ng regular na taong pasukan.

### **Mga Serbisyo sa Pagbabagong-Kalagayan**

Ang mga serbisyo sa pagbabagong kalagayan ay inaayos na grupo ng mga gawain upang itaguyod ang samahan mula sa paaralan hanggang sa gawain pagkatapos ng oras ng pag-aaral, kasama dito ang edukasyon sa mataas na paaralan, tungkulin at edukasyong teknolohiya, pinag-isang hanapbuhay, serbisyo para sa may tamang gulang, pamumuhay na mag-isa, o partisipasyon sa komunidad. Ang hanay ng mga gawaing ito ay base sa pangangailangan ng bata, at batay sa iteres at kagustuhan ng bata, at kasama ang kursong pag-aaralan, may kaugnayang serbisyo, at gawain sa komunidad.

- Simula sa edad na 14, o mas bata pa kung nararapat, at pagbabago taun-taon, kailangang magsama ang IEP ng salaysay tungkol sa pansamantalang serbisyong kailangan ng bata na nagbibigay liwanag sa kursong pag-aaralan ng bata at binabago taun-taon.
- Sa pagsisimula ng IEP na magkabisa kapag ang bata ay naging 16 o mas bata pa, kung ito ay pinalalagay na nararapat ng pangkat ng IEP, ang mga susunod na IEP ay kailangang magkaroon ng:
  - Angkop at sukat na layuning lampas pa sa mataas na paaralan base sa angkop na edad sa pansamantalang pagsusuri na may kinalaman sa pagsasanay, edukasyon, hanapbuhay, at, kung nararapat, independenteng kakayahan sa pamumuhay;
  - Ang pansamantalang mga serbisyo (kasama na dito ang kursong pag-aaralan) na kakailanganin upang matulungan ang batang marating ang mga layuning ito.
- Ang mga kailangan sa pagbibigay ng pansamantalang mga serbisyo

ay hindi maaaring gamitin ng isang mag-aaral na may kapansanan at may sapat na gulang, at nahatulan sa ilalim ng batas Estado at nabilanggo sa isang bilangguang koreksiyonal para sa may mga sapat na gulang at ang karapatan nito sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo ay magtatapos bago ito maaaring pakawalan

### **Kabuuan ng Gawain:**

Para sa isang bata na ang karapatan ay magtatapos na, ang isang pampublikong ahensiya ay kailangang magbigay sa bata ng kabuuan ng kanyang narating sa akademya at kaganapan ng kanyang paggalaw, kasama na rito ang rekomendasyon kung papaano aalalayan ang bata upang makamit nito ang kanyang mga layunin kapag natapos ito sa mataas na paaralan.

### **Pagbibigay Pahintulot upang Maumpisahan ang mga Serbisyo para sa Espesyal na Edukasyon**

Kailangang kumuha ang isang pampublikong ahensiya ng sulat ng kapahintulutan sa magulang bago mabigyan ng pansamantalang probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo para sa mag-aaral. Maaaring hindi magbigay ang isang pampublikong ahensiya ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo kung ang magulang ng mag-aaral ay tumangging magbigay sa pampublikong ahensiya ng sulat ng kapahintulutan naumpisahan ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, o nabigong sumagot sa isang pakiusap ng pampublikong ahensiya na magbigay pahintulot para umpisahan ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kapag tumanggi ang magulang na magbigay ng kapahintulutan upang sa pag-umpisa ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, ang pampublikong ahensiya ay **hindi** maaaring magbigay sa bata ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kapag ang magulang ng batang may kapansanan ay tumangging magbigay ng paunang pahintulot, ang pampublikong ahensiya ay hindi itinuturing na lumabag sa mga alituntunin upang makuha ang FAPE, at hindi ito kailangang tumawag ng pulong sa pangkat ng IEP o bumuo ng IEP para sa mag-aaral.

### **Pagpapawalang Bisa sa Pahintulot para sa Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon:**

Mula Disyembre 31, 2008, ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ay nagbibigay sa mga magulang ng kapangyarihan na pawalang bisa ang ibinigay na pahintulot ayon sa probisyon sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Sa gayong paraan nagwawakas ang probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa kanilang anak. Kahit na ito ay kabaliktaran ng matagal nang interpretasyon ng Kagawarang ng Edukasyon ng Estados Unidos, ito ay kasang-ayon sa pagpapahalaga ng IDEA sa tungkulin ng mga magulang sa pangangalaga sa karapatan ng kanilang anak at ng layunin ng Kagawaran na mapabuti ang pakikitungo sa magulang at sa kanilang pagpili sa edukasyon ng kanilang anak.

Kung sa anumang oras na nagsimulang magbigay ang pampublikong ahensiya

ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa batang may kapansanan, ang magulang ng bata ay maaring **sumulat** na binabawi nito ang pahintulot sa patuloy na probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. **Maaaring hindi** magpatuloy ang pampublikong ahensiya na magbigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa batang ito, ngunit kailangan nitong bigyan ang magulang ng paunang sulat na pabatid bago ihinto ang probisyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. **Maaaring hindi** gumamit ng pamamagitan ang pampublikong ahensiya o pagdinig sa angkop na pamamaraan upang makakuha ng kasunduan o kapasyahan na ang mga serbisyo ay maaring ibigay sa bata. Ang pampublikong ahensiya ay hindi masasabing lumamabag sa mga kinakailangang maibigay ng FAPE sa bata dahil sa kabiguang bigyan ang bata ng karagdagang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kahit pa maaaring bawiin ng magulang ang pahintulot para sa patuloy na probisyon ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, hindi obligado ang pampublikong ahensiya na ibahin ang talaang pang-edukasyon ng bata para mawala ang pagtukoy sa bata na tumanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo dahil sa pagbawi ng pahintulot.

### **Pag-buo, Pagrepaso, at pagbabago sa IEP**

Sa pagbuo, pagrepaso, o pagbabago sa IEP ng bata, isasaalang-alang ng pangkat ng IEP at isulat:

- Kung saan magaling ang bata at malasakit ng magulang upang bumuti ang edukasyon ng kanilang anak;
- Ang kinahinatnan ng una at pinakabagong pagsusuri sa bata;
- Ang mga pangangailangan ng bata sa akademya, pag-unlad, at paggalaw;
- Kinahinatnan ng paggawa ng bata sa pagsusuring programa sa Estado o ng buong distrito, kung ito ay nararapat;
- Pangangailangan sa pakikipag-usap;
- Mga teknolohiyang kasangkapang nakakatulong at mga serbisyong kakailanganin ng bata.
- Pagsasaalang-alang sa espesyal na kadahilanang likas sa bata:
  - Katulad sa kaso ng bata kung saan ang ugali niya o ugali ng iba ay nakakapigil sa pag-aaral nito, ituring ang paggamit ng positibong pakikialam sa ugali at suporta at iba pang straheya upang matugunan ang ugali;
  - Katulad sa kaso ng batang limitado ang pag-intindi sa Ingles, ituring ang pangangailangan sa pananalita ng bata na ugnay sa IEP ng bata;
  - Katulad sa kaso ng isang batang bulag o may kapansanan sa mata, pag-aralin siya sa Braille, kasama na rito ang mga libro sa Braille, at ng paggamit ng Braille maliban kung napag-alaman ng pangkat ng IEP pagkatapos gawin ang pagsusuri sa pagbabasa at pagsusulat (kasama na ang pagsusuri sa kinabukasang pangangailangan para sa pagtuturo sa Braille o pagamit ng bata ng Braille), na ang pagtuturo sa Braille o ang paggamit nito

- ay hindi angkop para sa bata, kasama na ang aklat sa Braille; at
- Sa kaso ng isang bata na bingi o may kapansanan sa pagdinig, kilalanin ang pananalita ng bata at pangangailangan sa pakikipag-usap, oportunidad upang direktang makisalamuha sa mga katulad niya at mga propesyonal na tauhan na nakakalam sa antas ng pananalita at pakikihalubilo ng bata, antas ng akademya at kabuuan ng mga kailangan, kasama na rito ang oportunidad para sa tuwirang pagtuturo sa pananalita at pakikihalubilo nito.

Kung sa pagsasang-alang-alang sa mga espesyal na mga dahilan na binaggit sa itaas, napag-alaman ng pangkat ng IEP na kailangan ng bata ang isang uri ng kagamitan, serbisyo, pamamagitan, patulong, o pagbabago ng programa upang makatanggap ang bata ng FAPE, kailangang isama ng pangkat ng IEP ang isang salaysay nito sa IEP ng bata na bumabanggit nito.

Bilang kasama sa pangkat ng IEP, ang guro sa edukasyon ng bata ay, kung ito ay nararapat, lalahok din sa pagbuo ng IEP ng bata. Kasama sa paglahok ang pagtulong sa pag-alam sa angkop na pamamagitan tungkol sa positibong ugali at supporta at iba pang mahusay na pamamaraan para sa bata, kasama na rito ang suplementong pag-alalay at mga serbisyo, pagbabago sa programa, at supporta sa tauhan ng paaralan.

Rerepasuhin ng pangkat ng IEP ang IEP ng bata sa pana-panahon, ngunit hindi lalampas ng isang taon, upang:

- Malaman kung ang taunang mga layunin para sa bata ay nararating; at
- Pagbabago ng IEP, kung kinakailangan, upang matugunan ang—
  - Pagrepaso sa IEP, kung nararapat, upang matugunan ang—
  - Anumang kakulangan sa inaasahang pag-unlad patungo sa taunang mga layunin at sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon;
  - Ang resulta ng anumang pag-ulit ng pasusuri;
  - Impormasyon tungkol sa bata na ibinigay sa, o galing sa mga magulang;
  - Ang inaasahang mga kailangan ng bata; o
  - Iba pang mga bagay na nararapat para sa programa ng bata.

### **Mga Pagbabago:**

Maaring magkasundo ang magulang ng bata at ng pampublikong ahensiya na hindi na magtawag ng pulong sa pangkat ng IEP upang baguhin ang IEP. Sa pagbabago sa IEP ng bata pagtapos ang taunang pulong ng IEP para sa natatanging na taong pasukan, ang magulang ng batang may kapansanan at ng pampublikong ahensiya ay maaaring magkasundo na bumuo ng isang kasulatan upang baguhin o isaayos ang kasalukuyang IEP ng bata. Kapag humingi, ang isang magulang ay bibigyan ng kopya ng binagong IEP na kinapalooban ng mga pagbabago.

### **Paglalagay sa Lugar:**

Bilang kasama sa pangkat ng IEP, ang mga magulang ay kasamang magpapasya kung saan ilalagay ang kanilang anak. Sa kung saan puwedeng abutin, mga mag-aaral na may kapansanan, kasama na rito ang mga mag-aaral sa publiko o pribadong institusyon o iba pang tagapangalagang pasilidad, ay tinuturuan na kasama ang mga mag-aaral na walang kapansanan. Taun-taon ang pangkat ng IEP ng bata ay gagawa ng:

- Pag-alam kung anong edukasyon ilalagay ang bata base sa IEP; at
- Pagpapatibay na ang bata ay nakapag-aral sa paaralan na kadalasang pinapasukan ng normal na bata, maliban lamang kung ang IEP ng bata ay nangangailangan ng espesyal na pagsasa-ayos.

Kung ang bata ay napatunayang may sala at may sapat na gulang na ayon sa batas Estado, ay nabilanggo sa isang bilangguan para sa mga may sapat na gulang, at nagpakita ang Estado ng patotong panganib sa seguridad o matinding interes na hindi mangyaring ipagpatuloy, maaaring baguhin ng pangkat ng IEP ang IEP ng bata o paglalagay.

### **Pagsasakatuparan ng IEP**

Kailangang siguruhin ng pampublikong ahensiya na:

- Ang IEP ng bata ay ipatutupad sa lalong maddaling panahon pagkatapos nitong mabuo, maliban kung ang pagpupulong ay ginagawa sa panahong tag-init o panahon ng bakasyon, o kung mayroong mga dahilan na nangangailangan ng konting pagpapaliban katulad ng pag-aayos ng transportasyon.
- Ang IEP ay nagsimulang magkabisang sa umpisa ng taong pasukan
- Ang IEP ay makukuha ng bawat guro, kaugnay na tagapagbigay ng serbisyo, at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na may katungkulan sa pagpapalakad ng IEP ng bata.
- Ang bawat taong kilala sa nagbibigay ng serbisyo sa bata ay kailangang malaman nila ang kanilang katungkulan na may kaugnay sa pagpapatupad sa IEP ng bata at pagtulong, pagbabago at suportang kailangang ibigay.
- Ang mga magulang ay tatanggap ng kopya ng IEP ng kanilang anak na walang bayad.

### **Mga Batang Lumipat sa Ibang Pampublikong Ahensiya:**

Paglipat sa loob din ng Estado –

Sa kaso ng isang bata na may kapansanan na lumipat sa ibang pampublikong ahensiya sa loob din ng taong pasukan, na nagpatala sa isang bagong pampublikong ahensiya na may IEP at may bisa rin sa parehong estado, ang pampublikong ahensiya ay:

- Kailangang magbigay sa bata ng angkop at walang bayad na pampublikong edukasyon na kabilang dito ang mga serbisyo na katulad din sa nabanggit na dating niyang IEP, sa pakikipag-ugnayan sa mga

magulang hanggang sa ang pampublikong ahensiya ay angkinin ang dati nitong hawak na IEP, o

- Bumuo, angkinin, at magsagawa ng panibagong IEP na naayon sa pederal at batas estado.

Upang mapadali ang pagbabagong kalagayan sa batang lumipat sa loob ng estado ring ito, ang bagong pampublikong ahensiya na kung saan nagpatala ang mag-aaral, ay kailangang gumawa ng makatwirang hakbang na makuha kaagad ang talaan ng mag-aaral na galing sa dating pampublikong ahensiya, kasama na dito:

- Ang dokumentong sumusuporta sa IEP; at
- Anumang talaan na may kaugnayan sa probisyon para sa espesyal na edukasyon o kaugnay na mga serbisyo para sa bata

### **Paglipat na Galing sa Labas ng Estado**

Sa kaso ng isang bata na may kapansanan na lumipat sa pampublikong mga ahensiya sa **loob** din ng taong pasukan, na nagpatala sa isang bagong pampublikong ahensiya at kung saan ang IEP nito ay may bisa sa ibang estado, ang pampublikong ahensiya ay kailangang:

- Bigyan ang bata ng isang walang bayad at ankop na pampublikong edukasyon na kasama ang mga serbisyong nahahambing din sa binanggit sa dati nitong IEP, sa pakikipag-ugnayan sa mga magulang, hanggang sa ang pampublikong ahensiya ay makakagawa ng pagusuri, kung nalamang kailangan ng pampublikong ahensiya; at
- Gumawa ng panibagong IEP, kung ito ay ankop, at tugma sa batas ng pederal at ng estado.

Upang mapabilis ang pagbabagong kalagayan ng bata na lilipat sa labas ng estado, ang dating pampublikong ahensiya na kung saan ang bata ay nakatala ay gagawa ng ankop na hakbang upang sumagot ng maagap sa mga pakiusap mula sa bagong pampublikong ahensiya para sa talaan ng edukasyon.

### **Kinakailangan sa Pagtatapos:**

Ipapaalam ng pampublikong ahensiya sa mga magulang kung ano ang Estado at lokal na kakailanganin sa pagtatapos at kung ano ang nagawa ng bata upang magampanan ang mga pangangailangang ito. Kung ang mag-aaral na may kapansanan ay nakapagtapos sa mataas na paaralan na may regular na diploma, kailangang bigyan ng pampublikong ahensiya ang mga magulang ng pabatid sa nalalapit na pagtatapos ng kanilang anak. Ang pagtatapos na mayroong regular na diploma sa mataas na paaralan ay nangangahulugan din ng pagbabago sa paglalagay at winawakasan nito ang karapatan ng bata sa FAPE.

### **Serbisyong Pagpapahaba sa Taong Pasukan**

Ang serbisyo sa pagpapahaba sa taong pasukan ay tumutukoy sa pang-isahang pagpapahaba ng isang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo na ibinibigay sa mga mag-aaral na may kapansanan at lumampas sa normal na taong pasukan ng pampublikong ahensiya, ayon sa IEP. Ito ay walang bayad sa mga magulang, at natutugunan nito ang mga pamantayan ng MSDE. Ang ESY na serbisyo ay kailangan ng FAPE kung ang mga benepisyong nakamit ng mag-aaral na may kapansanan sa regular na taong pasukan ay nalalagay sa panganib kung ang mag-aaral ay hindi binigyan ng isang programang pang-edukasyon sa mga buwan ng tag-init. Ang isang pampublikong ahensiya ay maaaring hindi magbigay ng hangganan sa mga serbisyong ESY sa mga tanging kategorya ng kapansanan o sariling bigyan ng limitasyon ang klase, halaga, o katagalan ng mga serbisyong ito.

Ang mga serbisyong ESY ay ibinibigay kung nalaman ng pangkat ng IEP ng bata sa pang-isahang taong basihan, na ang mga serbisyo ay kailangan para sa probisyon ng FAPE. Kailangan na ang mga magulang ay naabisuhan sa pagkakaroon ng mga serbisyong ESY na maaaring kailangan upang matugunan ang kakaibang kakulangan ng mag-aaral na may kapansanan. Bawat taon, aalamin ng pangkat ng IEP kung ang mag-aaral ay mangangailangan ng ESY. Ang pag-alam na ito ay kailangang gawing maaga sa loob ng taong pasukan upang mabigyan ng sapat na panahon ang mga magulang na gamitin ang kanilang karapatan sa prosesong pananggalang kung sila ay hindi umaayon sa panukalang ginawa ng pampublikong ahensiya. Subalit, hindi dapat gawin ito ng masyadong maaga sa dahilang wala pang sapat na impormasyon upang makagawa ng maayos na desisyon.

Upang malaman kung ang pag-unlad na naranasan ng isang mag-aaral na may kapansanan sa regular na panahong na pasukan ay malagay sa alanganin kapag ang bata ay hindi binigyan ng programang pang-edukasyon sa panahon ng tag-init (summer), isasaalang-alang ng pangkat ng IEP ang mga sumusunod na dahilan:

- Kung ang IEP ng bata ba ay kasama ang pang-taunang mga layunin na kaugnay ng lubhang kailangang kakayahan sa buhay;
- Kung ito ba ay malamang na magdanas ang bata ng malaking paglubha sa mga kailangan sa buhay na sanhi ng normal na bakasyon sa paaralan at hindi kaya nitong manumbalik ang nawalang kahusayan sa loob ng makatuwirang panahon;
- Ang pag-unlad ng bata hanggang sa makamit ang kabuuan ng mga layunin sa IEP;
- Ang pagkakaroon ng namumuong kahusayan o mga oportunidad na nakikita;
- Nakakahadlang na mga ugali;
- Ang uri at kalubhaan ng kapansanan; at
- Espesyal na mga pangyayari

Malayang Isasaalang-alang ng pangkat ng IEP ang bawat dahilan upang malaman ang kalalabasan sa abilidad ng mag-aaral na tumanggap ng benepisyong pang-edukasyon mula sa programa. Sa pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng serbisyong ESY, ang pamantayang ito ay kailangang pang-isahang gawin sa bawat mag-aaral. Kailangang itala ng pangkat ng IEP ang mga isinaalang-alang na dahilan at ang kinahinatnan ng mga dahiling ito sa pag-alam kung ang mga benepisyo at kaunlaran na nangyari sa regular na taong pasukan ay malagay sa panganib kung ang mag-aaral ay hindi nabigyan ng higit na mahabang serbisyo sa paaralan.

---

Ang lathalaing ito ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng Kagawaran, tawagan ang Sangay ng Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch sa 410-767-0246 Boses 410-333-2226 Fax, o 410-333-6442 TDD. • Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, IDEA Bahagi B Gawad #HO27A080035A, na pinopondohan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education),

Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag (Office of Special Education and Rehabilitative Services). • Ang mga kuru-kurong ipinahayag dito ay hindi kinakailangan pananaw din ito ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ahensiyang pederal. Ang impormasyong ito ay walang kopirayt. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. 200 West Baltimore Street, 9th floor Baltimore, MD 21201 410-767-0261 phone • 1-800-535-0182 toll free 410-333-8165 fax • 410-333-0731 TDD [www.MarylandPublicSchools.org](http://www.MarylandPublicSchools.org) Nancy S. Grasmick, State Superintendent of Schools James H. DeGraffenreidt, Jr., President, State Board of Education Carol Ann Heath-Baglin, Assistant State Superintendent, Division of Special Education/Early Intervention Services Martin O'Malley, Governor